

Bacterial vaginosis

Kilala rin bilang BV

Ang bacterial vaginosis ay isang impeksyon ng bacteria na dulot ng pagbabago sa normal na balanse ng bacteria sa ari.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Karaniwang nangyayari ang BV sa mga taong nakikipagtalik
- Madalas na walang sintomas ang BV
- Maaaring sanhi ng BV ang pakikipagtalik; hindi pa tukoy kung naisasalin ito sa pamamagitan ng pakikipagtalik
- Karaniwang ginagamot ang BV gamit ang mga tabletang antibiotic o antibiotic na cream para sa ari ng babae

Ano ito? (What is this?)

May iba't ibang uri ng bacteria sa malusog na ari ng babae.

Sa bacterial vaginosis (BV), mayroong pagbabago sa balanse ng ganitong mga bacteria, kung saan dumami ang bilang ng ilan habang bumaba ang dami ng iba. Maaari itong magresulta sa mabahong amoy, nana o pareho.

Nananatiling hindi malinaw ang aktwal na dahilan ng BV at ito ang paksa ng mga kasalukuyang pananaliksik.

Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Mas malamang na magkaroon ng BV ang mga taong aktibo sa pakikipagtalik. Gayunpaman, hindi namin alam kung aktwal na naisasalin ang BV sa pamamagitan ng pakikipagtalik, o kung ang pagiging aktibo sa pakikipagtalik mismo ang dahilan ng BV.

Ipinakita sa mga pag-aaral na mayroong ilang gawain na kaugnay ng pagtaas ng panganib sa pagkakaroon ng BV, kabilang ang:

- pagpapalit ng sekswal na kapareha
- hindi paggamit ng condom o hindi tuloy-tuloy na paggamit ng iba pang paraan sa proteksyon
- pakikipagtalik sa isa pang babae
- pag-douche (paghuhugas ng malakas na tubig)

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Maaaring kabilang sa mga sintomas ang:

- napakabahong amoy ng ari
- Pagdami o pagbabago sa lumalabas sa ari
- pananakit ng ari.

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Nasusuri ang BV sa pamamagitan ng isang kombinasyon ng pagsusuri at microbiological na pagkatuklas.

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Karaniwang ginagamot ang BV gamit ang iniinom na antibiotic o antibiotic na cream para sa ari sa loob ng 7 araw.

Sa 50% ng mga tao, naalis ang BV ng ganitong mga paggagamot. Gayunpaman, sa hanggang 50% ng iba pa, babalik ang BV sa loob ng isang taong paggagamot.

Puwedeng gumagamit ng pangmatagalang paggagamot gamit ang mga antibiotic para sa ari para magamot ang pabalik-balik na BV.

Mayroon ba itong anumang komplikasyon kapag hindi nagamot? (Are there any complications if not treated?)

Isang pangkaraniwang kondisyon ang BV at maraming taong may BV ang hindi nakakaranas ng anumang komplikasyon.

Gayunpaman, naiugnay ang BV sa maagang pagkalaglag ng ipinagbubuntis, maagang panganganak at mababang timbang ng ipinanganak na sanggol, pelvic inflammatory disease (PID) at mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng impeksyong naisasalin sa pakikipagtalik.



Alamin pa ang tungkol sa pelvic inflammatory disease sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

Malamang ba na bumalik ito pagkatapos ng paggagamot? (Is it likely to come back after treatment?)

Halos kalahati ng mga taong ginamot para sa BV ang nakaranas ng pagbalik nito. Kung bumalik ang mga sintomas pagkatapos ng pagpapagamot, pumunta sa iyong doktor.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Sa ngayon, hindi namin masabi sa mga tao ang dapat nilang gawin para iwasan ang pagkakaroon ng BV. Bagama't makakatulong sa iyong makaiwas sa BV ang mga condom at dam, hindi ka nila ganap na mapoprotektahan.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.